AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL
**Lesson 22**

| **Pambungad** |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"COVID-19 Testing Kits".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? - Lesson 22**

Source: Department of Health

**I.PAGBATI**
Isang mapagpalang araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻🏫.
Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓🦠

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa liham ni Alyssa ng Navotas.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher,  may test din po bang ginagawa para malaman kung may COVID-19 po ang isang tao?

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Magandang Araw, Alyssa!

Salamat sa iyong katanungan. 🤗

--

Oo, merong isinasagawang test para malaman kung may coronavirus sa loob ng katawan ng isang tao. 👩⚕️👩‍🔬 🔬 🧫 🦠

Ito ay isinasagawa sa loob ng ospital 🏥. Kailangan kasi ng espesyalista na gawin ang pagsusuri sa loob ng laboratoryo. 👩🔬 (Hindi kasi natin makikita ang coronavirus kapag wala tayong ginamit na microscope. Sobrang liit kasi nito - mas maliit pa sa butil ng asukal o kape. 🔬👀🦠)

**IV.✊ HAMON**

Dagdag pa rito, inuunang bigyan ng test ang mga pinaka nangangailangang tao:

(1) Pasyenteng may malubhang sintomas tulad ng Respiratory Symptoms 😷, lagnat 🤒, ubo't 🗣️ sipon 😭, pag-iksi ng paghinga 😖, at hirap sa paghinga 😣. (Kaya kung nararamdaman mo ito, mainam na pumunta tayo sa ospital at kumonsulta sa doktor. 🏥👩‍⚕️👨‍⚕️)

(2) Pasyenteng pinaghihinalaang may virus, na 65 taong gulang pataas, dati nang may karamdaman at mahina ang resistensya. (Lapitin ng virus sila Lolo at Lola dahil mahina na ang kanilang resistensya. 🦠👴🏻👵🏻)

(3) At, may maselan na pagbubuntis. 🤰 (Kawawa kasi pwedeng maapektuhan si Baby sa loob ng tiyan ni Mommy. 😞👶)

Kaya, huwag mawalan ng pag-asa. Malalabanan din natin ang COVID-19 👊🦠. Sa ngayon ang ating pwedeng gawin ay ang manatiling malinis, malusog, at ligtas sa loob ng bahay. 🏡😉

WALANG IMPOSIBLE SA DIYOS AT NAGKAKAISANG PILIPINO. 😇🤝

Paniguradong magkahawak-kamay nating malalagpasan ang laban sa COVID-19. 🤝👊🦠

WE'LL HEAL AS ONE - Pilipinas para sa Pilipino. 🙌🇵🇭👩🏾👨🏾

**V. 💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Saan isinasagawa ang COVID-19 Test?
🔎 Ano ang ginagamit upang makita ang coronaviruses?
🔎 Sinu-sino ang mga pasyenteng inuunang bigyan ng test?
🔎 Tama o Mali. Hindi maligo dahil hindi naman lumalabas ng bahay.

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito na nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻🏫

Magkita-kita tayo ulit bukas para sa “Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?” 👧🏻🧒🏻❓

Maraming salamat sa pakiki-isa! 🤗
-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."